# ANG GURO AT ANG KANYANG KAPANGYARIHANG PEDAGOHIKAL

*Ni:*
**Adam Helson G. Elardo**
*Teacher I, St. Francis National High School*

Sa isang banda, marahil ang isang taong may malawak na kaalaman sa isang larangan ay kayang magturo. Halimbawa, ang isang mangingisda ay kayang ilipat ang kanyang kaalaman sa isang taong baguhan sa pangingisda. Kagaya pa ng isang magsasaka na kayang ituro ang mga tamang paraan ng pagtatanim at pag-aani sa kanyang tinuturuan. Sa loob nga lamang ng isang tahanan ay tinuturuan ng magulang ang kanyang mga anak ng kagandahang asal, mga simpleng konsepto tungkol sa pagbasa o pagbilang.

Sa biglang isip, maaaring makuro na walang pinagkaiba ang mga taong may malawak na kaalaman sa iba't ibang larang sa isang propesyunal na guro. Ngunit sasang-ayunan ng marami na HINDI ITO TOTOO! Sa katunayan, ang tinatawa na "mastery of the subject matter" o ang malawak at malalim na kaalaman sa paksang aralin ay isa lamang sa maraming baryabol na dapat isaalang-alang at paunlarin ng isang guro.

Magkagayon, ano ang pinagkaiba nila sa isang guro?

Isa sa maraming bagay ay ang pedagohiya sa pagtuturo ng guro. Ang pedagohiya sa pagtuturo ay ang mahusay at epektibong paglilipat ng kaalaman ng tagapagturo sa kanyang mga mag-aaral. Ito ay kasanayan na hinuhubog sa mga nag-aaral ng pagtuturo mula sa mga pamantasan o kolehiyo at patuloy na pinaiinam hanggang sa mismong mundo ng pagtuturo. Saklaw ng pedagohiyang ito ang mga dulog, teknik at estratehiya sa pagtuturo, mga kagamitang paturo, proseso ng pagpaplano hanggang pagtataya at maraming pang iba.



depedbataan.com The Official Website of DepED Division of Bataan

Mabubuod nga sa pag-aaral ni Lagat (2021) na mahalaga ang episyenteng pedagohiya sa pagtuturo lalo na sa mga mag-aaral sa panahong ng ika-21 siglo kung saan lalong naging mabigat ang hamon dala ng modernong panahon.

Ibig sabihin ay hindi sasapat na ang guro ay matalino lamang; dapat din siyang maging makapangyarihan sa pedagohiya ng pagtuturo, dahil mawawalan ng halaga ang lawak ng karunungan ito kung hindi niya maililipat sa mga mag-aaral ang mga kaalamang ito. Hindi sapat ang sagot sa tanong ng isang guro na, "Ano ang aking ituturo?" Dapat na mahusay na masagot din niya ang kanyang sarili sa mga tanong kagaya ng: "Paano ko ito ituturo?" "Paano ko pupukawin ang interes ng aking mga mag-aaral?" "Paano magiging masining ang aking pagtuturo?"

Maraming paraan upang ang pagtuturo ng aralin sa loob ng apat na sulok ng paaralan ay maging kasiya-siya, makabuluhan, makatotohanan at masining. Malaki ang tungkulin ng guro sa pagpapaunlad ng kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral. Upang ito ay maisakatuparan, ang mahusay at epektibong pedagohiya ang dapat na parating bibit ng isang guro.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

*Sanggunian:*

Lagat, S. (2021). Guided Reading-Thinking (PPP): A Method for Teaching Asian Literature. International Journal of Arts, Sciences and Education, 2(1), 122–131. Retrieved from https://ijase.org/index.php/ijase/article/view/71